


BANAL NA PAG-IBIG

 ...dahil kaaalis lang namin noon sa pagtitipon, at nagsimula nang bumiyahe para dalawin ang isang babae, na kaibigan namin, si Gng. Dobbleman, doon sa Edmonton, Alberta. At nasa dalawampung milya na lang kami mula sa hangganan ng Canada, nang matanggap namin ang balita na nag-aagaw-buhay na raw ang kapatid kong lalaki. Kaya umikot kami pabalik, sumagupa sa isang bagyong niyebe, at nag-umpisa nang bumalik pauwi, na nagdulot sa amin ng labing-isang araw na biyahe. At gabing-gabi na kaming nakauwi nung nakaraang gabi, at puyat na puyat pa kagabi, at maaga na namang muli ngayong umaga, talagang pagod na pagod na.

² Ngunit agad-agad noong matawagan ko ang aking nanay, pagkatapos naming makakita ng isang lugar kung saan makakatawag kaming muli, sabi niya, “Nanggaling na doon si Kapatid na Neville.” Iyon ay isang tunay na pastor, mga kasama. Iyan ay isang . . . Talagang pinasasalamat namin ’yon. Ngayon, maaaring hindi . . . Marahil, ang inyong mga mahal sa buhay ay hindi pa humantong sa ganoong kalagayan, siguro. Ngunit sa panahon ng krisis, kapag alam mong may bagay na nangyayari, at alam mong mananatili sa tabi mo ang kaibigan mo. At tatakbo roon sa aking kapatid.

³ At pagkatapos noong pumunta ako, pagpasok na pagpasok ko, nagbihis lang at pumunta na roon. Sino ang nakita ko sa silid, na nananalangin, kundi si Kapatid na Neville; naroroon sa kuwarto kasama ni Howard, na nananalangin.

⁴ Ako’y—ako’y nagpapasalamat para doon. At ako—mas mabuti pang sabihin ko na ’yon dito sa entablado, gaya nga ng lagi kong sinasabi, “Mas gusto ko pang bigyan na kita ngayon ng maliit na buko ng rosas, kaysa isang buong pabilog na bungkos ng mga bulaklak kung kailan wala ka na.” Ngayon na mismo ang pagkakataon para gawin iyon.

⁵ At pinasasalamat ko si Kapatid na Neville. At alam kong pinasasalaman nating lahat siya, sa iglesyang ito, sa pagiging isang magiting na pastor. Para ipakita lang sa kanya kung gaano ninyo siyang pinasasalamat, itaas ang inyong mga kamay nang *ganito*, sa Diyos. Ganyan nga. Salamat. Tunay na iyon ay isang bagay na . . .

⁶ Umuwi ako; sinabi ko sa asawa ko. Sabi ko, “Honey, noong pumaroon ako at kumatok sa pintuan. . . Dumaan ako doon sa pasilyo, binasa ang tsart, tiningnan kung ano talaga ang problema. At pumunta ako roon, at may narinig ako roon sa loob. At tumuktok ako sa pintuan. Ang akala ko’y may isang taong nagsasalita. Pinaupo nila siya sa higaan na hawak ang kanyang

Biblia, na pareho silang nakayukod ang ulo, nananalangin sa Diyos, noong pumasok ako. Nakaupong...? ...kasama siyang nananalangin.”

⁷ At—at, ganoon din naman, ang panalangin ko, ang sabihin sa Diyos na pinasasalamat ko ang isang tunay na kaibigan at isang tunay na pastor. At nawa’y mabuhay pa nang matagal si Kapatid na Neville sa mundong ito, upang—upang maglingkod sa Panginoon. Naniniwala akong pinanatili siya ng Diyos dito ng maraming, maraming taon, upang paglingkuran Siya, ang isang ganoon kagiting. Tumimo iyon sa puso ko nang mas malalim kaysa anumang bagay na naranasan ko na sa mahabang panahon.

⁸ Ngayon, kadalasan, ngayon, na...Hindi pa pinalabas ang klase sa Sunday school, doon sa—sa mga bata. Kaya ako marahil...Siguro’y mananalangin tayo para sa mga maysakit. Hindi kasi ako nagpabatid na darating, na mananalangin para sa mga maysakit. Pero kung mayroon man na naririto upang maipanalangin, kung gayo’y magkakaroon na lang tayo ng pananalangin para sa kanila.

⁹ Ngayon, kung si Kapatid na Gertie, kung maaari sanang umakyat siya rito, tugtugin ang *The Great Physician* para sa atin. At hilingin natin sa ating mahal na Amang Makalangit, na nawa’y Kanyang pagpalain ang mga nangangailangan sa Kanya ngayon. Kung gayo’y nais natin, ang lahat ng mga may sakit at nangangailangan, mag-tipun-tipon lang kayo sa palibot ng altar.

¹⁰ Kung hindi ako nagkakamali, si Nellie Sanders ba itong papunta rito? Naku! Pagpalain ka ng Diyos, Nellie. Dalawampu’t limang taon na ang nakalipas, isang abnormal na tunog sa puso. Pagpalain ka ng Diyos, Nellie. Tumingin ako, kani-kanina lang, at tiningnan ka. At ayaw kong isipin mo... nakatingin, nakatitig sa isang tao. Pabalik-balik ang tingin ko, at naisip kong kamukha iyon ni Nellie.

¹¹ Walang nakakaalala marahil sa inyo rito. Sa palagay ko’y ang iba sa inyo... Ilan ang nakakaalala kay Nellie Sanders? Aba, sigurado nga. At isa siya sa mga kauna-unahang nagsimba sa tabernakulo. Siya at ang yumao kong asawa ay magkaibigang matalik at magkapatid, kay Cristo. At sila...Napangasawa niya sa dako rito, ang isa sa mga taga-Volunteers of America, isang opisyal sa kilusang ito. At ang asawa, ang ating kapatid na lalaki, ay yumao na para makasama ang Diyos. May naiwan ito sa kanya, sa palagay ko, na dalawang batang lalaki, sa palagay ko; ilang anak, gayunman, ang iba sa kanila ay nag-aaral pa. At mag-isa nang naglalakbay si Nellie, at sadyang papunta na sa edad ng talagang pagkanerbiyos at nababalisa. Tinawagan niya ako noong ako ay nasa Phoenix, Arizona, sa isang pagtitipon, para sa panalangin. Maraming bagay ang

bumabalik, Nellie, sa panahon kung kailan ang kusot sa sahig, at ikaw at si Hope, at 'yung batang babaeng Adcock, at marami sa kanila ang dati-rati'y naririto sa paligid. Maraming taon nang nakakaraan 'yon, dalawampu't limang taon na ang nakalipas. Sadyang lumilipas lang sa akin. Tayo'y—dumadaan tayo sa isang daan, nang napakabilis, totoo 'yon.

¹² Buweno, sumainyo nawa ang Diyos ngayon. Yaong mga may sakit at nais na pumarito sa palibot ng altar para sa panalangin, ang ating pastor at ako ay magsasama sa isang salita ng panalangin para sa inyo. Pumarito lang kayo.

¹³ Pagkatapos, isang maikling, pagkatapos na pagkatapos nito, isang maikling Mensahe lang para sa inyo, sa gawaing pangangaral. Sana'y makapanatili kayo. Magsasara tayo kasabay ng gawain ng Sunday school, pagkatapos ng pananalangin para sa mga maysakit. Saka na tayo dadako mismo sa iba pang gawain, at may ilan akong anunsiyo na ipababatid.

Itong dakilang Manggagamot ngayon ay
malapit na,
Ang mahabagin na si Jesus,
Siya'y nangungusap upang pasiglahin ang
nananamlay na puso,
Wala nang iba pang pangalan kundi Jesus.

¹⁴ Ngayon, kung makapapasok lang tayo ngayon sa isang pagsasama-sama sa panalanging ito, ng kagalingan para sa isa't isa, nalalaman na naririto ang Diyos, at nangakong tutugon.

¹⁵ [Sinasabi ni Kapatid na Neville kay Kapatid na Branham, "Gusto ng isang kapatid na babae na maipanalangin."—Pat.] Oo, ayos lang iyon, bababa kami at mananalangin para sa kanya, 'yung binibining nakaupo. Sigurado. Sige, Kapatid na Neville, maaari ka bang pumunta, tumulong?

¹⁶ Ngayon, kung magiging mapitagan lang kayo hangga't maaari, 'yung mga maliliit na bata na nagsisiupo lang. At manalangin na tayo ngayon, nang sa gayon pagbaba namin para pahiran ang mga maysakit at ang mga nagdurusa, ay magkaroon tayo ng pananampalataya sa Diyos, na maniwala. Manampalataya kayong gagawin iyon ng Diyos.

¹⁷ Kayong lahat na naririyang sa mga nagsidalong, na walang sakit, ngayong umaga, na hindi na kailangan pang pumunta sa may altar, isipin n'yo lang ngayon, na, ang biyaya ng Diyos ang nagdala sa inyo rito. Ngayo'y manalangin kayo para dito sa iba pang ito na naririto sa may altar, mga bata at matatanda.

¹⁸ Gaya ng dati na nilang ginagawa rito sa tabernakulo, pinauuna namin ang pastor, na nagpapahid. Ipinapanalangin namin sila. At pagkatapos pauunahin ang pastor, na nagpapahid. Sumasama ako sa kanya, na nagpapatong ng mga kamay sa mga maysakit, habang pinapahiran niya sila. Ang

Kasulatan na, “Pahiran ninyo ng langis ang mga maysakit, sa Pangalan ng Panginoon. Patungan ninyo sila ng mga kamay, at sila ay magsisigaling.” Ang Kasulatan!

¹⁹ Ngayon, kayong lahat, sama-sama, sa pagyukod ninyo ng inyong mga ulo ngayon, habang naghahandog tayo ng panalangin na sama-sama para sa mga maysakit.

²⁰ Ama naming Makalangit, may pagpapakumbaba kaming lumalapit sa Iyong Banal na Presensiya sa oras na ito, sa paraan na para sa mga nangangailangan, sa mga maysakit, yaong mga hindi kayang tulungan ang kanilang mga sarili. At marami sa kanila, Ama, ay hindi na kayang tulungan ng doktor. Wala nang magagawa pa maliban na tulungan sila ng Iyong biyaya. Dalangin ko, na may pagpapakumbaba, ngayon, Diyos, nang buong puso ko, nakikiisa sa munting iglesyang ito, na ang dakilang Espiritu Santo, na naririto ngayon, na pagtibayin nawa ang Salita ng Panginoong Jesus na nagsabi, “Kung may dalawa o tatlo na nagkakatiyon sa Aking Pangalan, ay pasasa kalagitnaan nila Ako. Kung hihiling sila ng anuman, na nauukol sa anumang bagay, ay makatatanggap sila nito.” Iyon po ang Walang Hanggan Mong Salita, Panginoon, ang sinalita na maging bago pa man maitatag ang sanlibutan, na ibinigay na sa amin ng Propetang iyon, ng Anak ng Diyos, Mismo.

²¹ Ngayon, ang pinakananasa namin ngayon, Ama, ay na pagalingin Mo po ang mga maysakit, ang mga nangangailangan na naririto sa palibot ng altar. Dalangin ko po na sadyang pagkakalooban Mo ang bawat isa ng isang natatanging kaloob ng pananampalataya ngayon mismo. Na, sa paghayo namin, ng Iyong lingkod at ng sarili ko mismo, para pahiran at patungan ng mga kamay ang mga tao, umabot nawa sa kailaliman ang Espiritu Santo, na may pananampalataya sa aking puso, at ang bawat isa nawa ay magsigaling. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo, alang-alang sa Kanya.

²² Ngayon habang nakayukod ang inyong mga ulo, ang lahat ay manalangin, ang pastor at ako ay paroroon para manalangin. [Blangkong bahagi ng teyp. Sina Kapatid na Branham at Kapatid na Neville ay nananalangin para sa mga maysakit.—Pat.]

Heaven and earth are praising Thee,
Heaven and earth are praising Thee,
O Lord, Most High.

²³ Ama naming Makalangit, pinasasalamat Ka po namin para sa aralin sa Sunday school na ito, lubos nitong inantig ang aming mga puso. Bigkisin nawa namin ang aming sarili ngayong umaga, at lumabas na mula sa mga bilangguan ng di-pananampalataya, at maging malaya habang kami'y lumalakad. Alam naming mauuna sa aming harapan ang Anghel ng Panginoon, na pinatototohanan ang Salita ng Diyos, at

palalayain ang bawat isa sa amin mula sa mga bilanguan ng pagkatakot, at karamdaman, at kagulumihanan, at sakit, at kahirapan, sapagkat ipinangako ng Diyos na gagawin iyon. Ang lahat ng nakakulong sa ganoong uri ng mga kalagayan, ngayong umaga, sumikat nawa ang Liwanag ng Diyos sa kanila, sadyang ngayon mismong araw na ito. At umalis nawa sila mula rito, na taong magaling na. Salamat po sa Mensahe at sa Iyong Salita, sa pangunguna ng Espiritu Santo. Ipagkaloob Mo po ang mga pagpapalang ito, Ama. At ngayo'y samahan Mo po kami sa gawaing pangangaral ng umagang ito, para sa munting maiksing Mensahe na tatalakayin. Hinihiling namin sa Pangalan ni Cristo. Amen.

²⁴ Ngayon, sa ilang sandali lang, 'yung mga kailangan nang umalis ngayon, tumayo lamang tayo habang inaawit natin ang isang himno. Ya-... *Take The Name Of Jesus With You*. 'Yung mga kailangan nang umalis ay makakaalis na. 'Yung mga makakapanatili pa ng panibagong tatlumpung minuto, magagalak kami na manatili pa kayo. Sige.

Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and . . .

Pumihit lang kayo at makipagkamay sa katabi n'yo.

. . . will joy and comfort give you,
Take It everywhere you go.

Precious Name, precious Name; O how sweet!

O how sweet!

Hope of earth and joy . . .

[Nakikipag-usap si Kapatid na Branham sa isang tao sa entablado—Pat.]

And . . .

²⁵ Amen. Maupo na kayo. At pagpalain kayong lahat ng Panginoon, nang totoong sagana, mabuti. Napansin ko lang, may ilan tayong mga *The Herald of Faith* dito, 'yung munting programa, munting pahayagan ni Kapatid na Joseph Boze sa Chicago, napakabuting kapatid. Kami'y laging . . . Nagkaroon kami ng napakainam na pakikipag-fellowship, sa isa't isa. Nagkakaroon kami ng mainam na panahon sa tuwing nagpupunta kami ng Chicago. Kailan lang nakasama ko siya, ilang gabi na ang nakararaan, muli. At libre ang mga ito. Basta pumarito lang kayo, kumuha para sa inyo ng isa, pagkatapos na maisara ang gawain. Nakalapag ito rito.

²⁶ Ngayon, nagagalak kami na makita ang marami sa inyo na nanghahawakan pa rin kay Cristo. At ngayon, sa ilang sandali lang ng inyong oras, nais kong mangusap ng isang bagay lang, dahil sa nakaparito ako kasama ninyo.

²⁷ Pagod ako. Mahina ang boses ko. At nagdaos kasi ako ng ilang malalaking pagtitipon. Sa Indianapolis, isa iyong

napakalaki't punung-puno na pagtitipon. At nang gabing iyon ay napakasaya namin na makita ang daan-daang lumalakad patungo sa tabernakulong iyon, nasa mga sampung libo katao na nakaupo, na pumaroon upang ibigay ang kanilang mga puso kay Cristo, noong gabi.

²⁸ At si Russell Ford at ang iba pa, talagang tuwang-tuwa sila. At—at ang gawa na sinimulan ni Cadle, Kapatid na Cadle ilang taon na ang nakalipas, ay nagpapatuloy pa rin. Alam n'yo, gusto kong magkaroon ng lugar na kagaya nun, sa darating na panahon. Isa iyon sa mga pinakamainam na lugar na nakita ko na, talagang kung paanong inayos iyon. At sadyang may kung anong bagay sa kanila, roon. Sa palagay ko'y madali akong maantig. Kapag nakakakita ako ng kamangha-manghang gawa na sinimulan ng isang tao, mayroon akong damdamin para sa ganyan.

²⁹ Ngayon, dahil namamaos ako, at nanggaling kami roon sa bundok, sa pagsisikap na mapuntahan ang isang babaeng may sakit, isang kaibigan namin, doon sa Canada. Papatawid na kami noon ng hangganan, nang marinig ko ang balita na nag-aagaw-buhay na ang kapatid ko, at saka bumalik. At bumiyahe kami nang araw-araw, at gabi-gabi, sampung araw kaming nakaupo sa kotseng iyon. Kaya nakikini-kinita n'yo siguro kung ano ang pakiramdam ko ngayong umaga.

³⁰ At, ngunit, nagpapasalamat ako sa inyong lahat, muli, sa pananalangin ninyo para sa kapatid ko, 'pagkat siya, para bang, papagaling na muli. Binigyan siya ng Diyos ng panibagong pagkakataon. At kaya ako—ako'y nagpapasalamat sa inyo, at pinupuri ko ang Diyos para sa lahat ng bagay.

³¹ Marami pang malalaking desisyon ang kailangan pang gawin. Isang paglilibot sa buong mundo na malapit nang dumating. Ang Africa na sumisinag na sa harapan ko. At mga lugar sa lahat ng dako, hanggang sa di ko na alam kung saang lugar babaling, sa lahat ng dako, sa lahat ng panig. At mayroon pang mga, pinakamababa na ang sampu o higit pa, na malalaki't malawakang mga pagpupulong na inaasikaso na ngayon mismo, at ang bawat isa ay tumatawag na daluhan ko iyon. Kailangan kong gumawa ng kung anong uri ng pagpapasya, sa susunod na dalawampu't apat na oras, para sa susunod na hakbang. Kaya, ipanalangin n'yo ako. Ipanalangin n'yo ako. At ako—kailangan ko ng inyong mga panalangin.

³² Umaasa akong, sa pagpatay doon sa bentilador, ay hindi kayo gaanong naabalang lahat dito sa unahan, panandali.

³³ Ako—nakaharap ko na ang napakaraming bagay sa buhay ko, sa paglalakbay para sa Panginoon, ang lahat ng uri ng kalagayan at mga karamdaman at—at ketong. At nakayakap na ako ng mga ketongin, at nakipagkamay sa kanila, at—at lahat na ng uri ng karamdaman. At nakapasok na ako sa kanilang

mga nakabukod na silid at mga kampo, at lahat na, sa buong mundo, halos.

³⁴ At ako—hindi na ako isang bata. Nellie, sa palagay ko’y alam mo ’yon. At papatanda na ako . . . Pagkatapos ay narinig ko ang tungkol kay Kapatid na Bosworth, noong isang araw roon, magsisiyamnapung taong gulang na halos. At siya, noong nasa Indianapolis ako, may namuong dugo na pumasok sa kanyang puso. Nagkaroon siya ng mga pakikipagbuno sa kamatayan sa kanyang lalamunan, walang malay. Tumawag si Gng. Bosworth para maipanalangin siya.

³⁵ Nagpunta ako roon, at ipinabatid namin iyon at nagsimulang manalangin. Kinabukasan, tinawagan niya ako, sabi, “Nais kong magpunta sa isang pagtitipon kasama mo, minsan.” Pagkatapos pakiramdam ko’y para bang heto, sa edad na apatnapu’t pito, dapat akong mahiya sa sarili ko. Subalit ’yun lang—subalit sa bahagi ng pagiging tao lang, sa palagay ko.

³⁶ Subalit, oh, napakahalaga nito, at napakainam! Walang katulad gaya ng pagiging ligtas! Sa pagiging ligtas! Na, hindi ninyo naiisip, kaibigan, sigurado ako, na inilalayo ’yun ng diablo sa inyo hanggang sa makakaya niya, (ganoon ang ginagawa niya sa akin), ang mapagtanto ninyo kung ano ang halaga ng isang kaluluwa. Naisip n’yo na ba kung ano ito, at kung ano ang kahulugan ng Walang Hanggan, at kung gaano katagal kayo na magiging ganoon? Kita n’yo? Pagwari-wariin n’yo, ito na ang panahon kung kailan dapat na kayong magpasya para sa Walang Hanggan.

³⁷ Noong nakaraang Linggo, nakasama ko kayo rito, naniniwala akong nangaral ako tungkol sa kasiguruhan, ang kapangyarihan na ipinangako ng Diyos; at itinalaga kayo at tinawag kayo bago pa man maitatag ang sanlibutan, at inilagay ang inyong pangalan sa Kanyang Aklat. Wala kayong anumang kinalaman doon. Ang Diyos ang gumawa niyon. Hindi ba’t napakainam niyon? Pinatay ang Kordero bago pa man maitatag ang sanlibutan, at (bakit?) hindi ’yun naganap hanggang sa makaraan ang apat na libong taon. Subalit, ang Diyos, noong sinalita Niya iyon, kinailangan Niyang gawin iyon, ’pagkat kailangan Niyang tuparin ang Kanyang Salita. At sa gayunding oras na isinulat ang Kordero, ang iyong . . . isinulat kayo na kasama Niya. “Ang ating mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero,” hindi noong gabing lumapit tayo kay Cristo, kundi, “bago pa man maitatag ang sanlibutan,” sabi ng Biblia. Kaya ’yun ang kasiguruhan. At nabanggit ng kapatid ang tungkol diyan ngayong umaga dito sa napakainam na pagbasa para sa Sunday school.

³⁸ Ngayon magbasa lamang tayo bilang isang Kasulatan sa isang dako, para lamang sa isang maikling . . . Nais kong . . . sadyang isang bagay lang na nasa puso ko. Gusto ko lamang

na ipangusap ito sa ilang sandali, at saka na tayo magsasara. At abangan ang mga gawain muli mamayang gabi. At ngayon, may mensahe ako sa puso ko, na dumating noong isang araw, at nais kong, kung loloobin ng Diyos, kung makabalik ako rito sa susunod na Linggo ng umaga, na ihatid ito sa tabernakulo para sa a-uno. Sadyang isang bagay lamang na nasa puso ko, tungkol sa panahon.

³⁹ Nagpunta ako sa isang lugar para kumain. At naisip ko, “Buweno, nawawala na ba ako sa katinuan? Ano ba ang nangyayari sa akin? Hindi ko matagalan itong mga musika at lahat nito rito na mga bagay na mayroon sila sa panahong ito, itong mga hibang na mga babaeng kumakanta ng, ‘Doon, mula sa isang—isang palasyong yari sa garing,’ o . . . at ang lahat ng ito.” Sabi ko, “Marahil ay may bagay na mali sa akin.”

⁴⁰ At sinabi ng Espiritu Santo, “Oh, hindi. Oh, hindi. Kung iniibig mo ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay ni wala sa iyo.”

⁴¹ Kaya naisip ko, “Buweno, ayaw kong masanay kung ganoon sa sanlibutang ito. Siyanga.”

⁴² At nang magkagayo’y nag-umpisa na ang Espiritu Santo na ihayag sa akin ang Mensaheng ito. Wala akong oras ngayong umaga; pagod na pagod ako, bukod pa rito. Marahil, kung loloobin ng Panginoon, sa susunod na Linggo ng umaga, kung naririto pa rin kami. May ilan pa akong biyaha na pupuntahan ngayong linggo. Pero kung naririto pa rin ako sa susunod na Linggo ng umaga, kung kalooban ng Diyos. Ipababatid ’yun ni Kapatid na Neville sa kanyang pagsasahimpapawid, sa Sabado. At paririto kami, sisikapin na dalhin ang Mensaheng ito. At nais kong talakayin Ito sa isang paraan. Ito’y isang Mensaheng Ebanghelyo sa araw, oras, at panahon na ito.

⁴³ Na, aking hinulaan, anim na buwan na ang nakararaan, na ito na ang taon ng pagsasara para sa Amerika. At makikita natin kung ito nga, ayon sa Ebanghelyo, o hindi. Ito na ang panahon kung kailan wala na siya. Siya ay alinman sa tataas o bababa, itong taon na ito. Siyanga.

⁴⁴ Ngayon, kayong mga bata, gusto kong magdala kayo ng kapirasong papel, at isulat iyon sa blangkong pahina ng inyong Biblia, na kapag nakita ninyong wala na si Kapatid na Branham, siguro, makikita n’yo kung tama iyon o mali. Kita n’yo? At malalaman n’yo kung nangungusap pa rin ba sa akin ang Panginoon, nakita n’yo.

⁴⁵ Ngayon, sa Mga Taga-Roma sa ika-4 na kabanata, nais kong basahin para lang sa isang—isang bahagi ng Salita, upang magpatuloy.

Ano nga ang ating sasabihin na nasumpungan ni Abraham na ating magulang, . . . ayon sa laman?

Sapagka't kung si Abraham ay inaring-ganap sa pamamagitan ng gawa, ay mayroon sana siyang ipagmamapuri; datapuwa't hindi sa Dios.

Sapagka't ano ang sinasabi ng kasulatan? At sumampalataya si Abraham sa Dios, at sa kaniya'y ibinilang na katuwiran.

Ngayon sa kaniya na gumagawa'y hindi ibinibilang na biyaya ang ganti, kundi utang.

Datapuwa't sa kaniya na hindi gumagawa, nguni't sumasampalataya sa kaniya na umaring-ganap sa masama, ang kaniyang pananampalataya ay ibibilang na katuwiran.

⁴⁶ At idagdag nawa ng Panginoon ang Kanyang pagpapala sa Salita. Ngayon ang munting paksa, kung matatawag nilang ganoon, na nais kong ipangusap sa inyo, ay: *Banal Na Pag-ibig*. At kapag naipalabas na ang Banal na pag-ibig at nakarating na sa patutunguhan nito, ay iiral na ang ganap na biyaya. Kita n'yo? Ngayo'y maiisip n'yo ba iyon? Ngayon isipin ninyong mabuti iyon, para maunawaan nating mabuti ngayon. Kita n'yo? Kapag naipalabas ang Banal na pag-ibig at nakarating na sa kung kanino nakatakda ito, saka maghahari ang ganap na biyaya.

⁴⁷ Ngayon, isang—isang kakaibang bagay na kung papaanong ang mga tao, ang uri ng mga tao at kung ano ang ginagawa natin, sa ating pakikisalamuha. Ngayon, kailangan nating haraping lahat ang mga katotohanang ito, na may mga taong talagang gustung-gusto mong kasa-kasama. At may mga tao na mabubuting tao, at mahal mo sila, subalit ganoon pa man may bagay doon sa tao na sadyang iyong—sadyang halos di ka makatagal sa tabi nila. Ngayon gusto nating mangusap tungkol sa katotohanan na iyan. Ngayon, ang dahilan na ganoon, ay dahil sa kapaligiran na nililikha ng naturang indibidwal, ng lalaki o babae na iyan mismo.

⁴⁸ Sapagkat, kayo ay maliit na manlilikha, dahil sa mga anak na lalaki at mga anak na babae kayo ng Diyos. Kahit gaano man kayo nalugmok sa kasalanan, mga anak na lalaki at mga anak na babae pa rin kayo ng Diyos, sapagkat nangahulog lang kayo, napasama, sa inyong kaluluwa at isipan. Subalit ang Diyos ang inyong Manlilikha. At sa pagkahulog ninyong kalagayan, nangaligaw kayo, nangahulog na mga nilikha ng Diyos, pinangingibabawan ng diablo, siyanga, subalit gayunpaman ay mga anak na lalaki at mga anak na babae pa rin kayo ng Diyos. “Hindi Niya ibig na sinuman sa inyo ay mapahamak, kundi mangagsising lahat.” Kita n'yo? At ginawa na Niya ang lahat na—na maaari para sa... Ang Diyos lang Mismo ang makagagawa nito, ang ipagkaloob ang—ang mga oportunidad sa nilalang Niya, na matanggap at maging kung ano

man ang nais Niya sa inyo na maging, pabalik na muli sa tamang kalagayan ninyo. At walang tao na . . .

⁴⁹ Ngayon heto ito, at napakatalim nito: Subalit walang tao ang nasa kanilang tamang kalagayan ng pag-iisip hanggang sa matanggap nila ang Panginoong Jesus. Malalim na salita 'yan, subalit 'yan ang totoo. Walang tao ang nasa tamang pag-iisip, hanggang sa matanggap nila si Cristo Jesus bilang sariling Tagapagligtas. Ang dating niyan ay . . . Subalit, Iyon ang Biblia. Tunay nga, totoo Iyon. Siya Yaon. At sa inyong katauhang nilalang . . . Ngayon, magiging baliw kayo, sa sanlibutan, kapag ginawa n'yo iyon. Dahil sa, kailangan ninyong lumabas sa kapaligiran na kinapapalooban ninyo, patungo dito sa isa pang kapaligiran. Kapag ginawa ninyo iyon, iniaangat kayo mismo ng Diyos mula sa sanlibutan, at mabubuhay kayo sa isang makalangit na kapaligiran. Kita n'yo? At pagkatapos, sa sanlibutan, sadyang salungat iyon sa kung ano ito. Kita n'yo? At Ito naman ay salungat sa sanlibutan. Kita n'yo?

⁵⁰ Ngayon ang gusto ninyong gawin, ay ang maiangat kayo ni Cristo, sa isang—isang kapaligiran, sa dakong kung saan kayo'y masaya, payapa. At kung gayon, doon, lilikha kayo ng isang kalagayan.

⁵¹ At ngayon, maraming beses, tayo sa mga iglesya . . . Maaaring para bang kakatwa ito, subalit kung pagmamasdan n'yo lang ito. Ngayon, ito ay para sa iglesya, para sa mga tao. Nakukuha ng mga tao ang espiritu ng isa't isa, sa halip na makuha ang Espiritu Santo. Pumunta ka sa isang grupo ng mga tao, pagmasdan ninyo ang paraan ng pagkilos ng isang tao. At—at ang ganoong uri ng mga tao na pumapasok sa kongregasyong iyon, malalaman n'yo na lang, pare-pareho ang kilos nila. Lagi ninyong . . .

⁵² Ipagpahalimbawa mo ang isang mabuting babae at isang masamang lalaki; at mararamdaman ng lalaki alinman sa . . . Magiging mabuting lalaki siya, o kaya'y magiging masamang babae naman 'yung isa. At ang kapaligiran na pinamumuhayan mo, naipapakita mo iyon sa mga kasamahan mo, kung ano ka.

⁵³ Kung gayon ay anong uring mga tao tayo dapat kung mga Cristiano nga tayo? Anong uri ng kapaligiran ang dapat na pamuhayan natin? Sa isang nakagagaan, maginhawa, nagpapagaling na kapaligiran, tayo dapat na mamuhay, na ang ating mga puso ay palaging nananalangin, na may malalim na pag-ibig para sa bawat tao na nakakaugnay natin. At na iyon ay maging . . .

⁵⁴ Kung maaari sanang sabihin ko ito, sa munting iglesya na nanalangin para sa akin, para sa pandaigdigang misyon, iyon ang tagumpay ko sa pananalangin para sa mga maysakit. Kung hindi ko magagawang damahin mismo ang sakit kasama nung tao, kadalasan ay walang nagagawang anumang buti iyon.

Kailangan mong makidama hanggang sa iyon ay sadyang. . . At maramdaman mo iyon, mismo.

⁵⁵ Dito kamakailan lang, isang matandang Mexicanong lalaki ang naroon sa entablado, noong tumakbo siya sa entablado. Sa labis na pananampalataya, napaluhod siya, hinugot ang kanyang rosaryo. Ako—sabi ko sa kanya, “Hindi na kailangan pa,” at sa pamamagitan ng interpreter, si Kapatid na Espinoza. Kaya, tumayo siya. Niyapos niya ako, nagsimulang pumunta sa isang dako. Bulag siya. Tiningnan ko siya. Tiningnan ko ’yung matandang kulubot na mga paang iyon, marahil hindi pa nakapagsuot ng isang pares ng sapatos, sa buhay niya. Tiningnan ko ang sapatos ko, tiningnan kung kakasya ba sa kanya. Ibinigay ko na sana sa kanya ang mga sapatos ko. Siya’y bulag. At tiningnan ko, mas malapad siya sa may balikat. Malaking tao, tumitimbang ng dalawandaan at higit pa, sa palagay ko. Hindi niya masusuot ang amerikana ko.

⁵⁶ At habang nakatayo siya roon, at ’yung ubaning buhok, naisip ko ang tatay ko. Naisip ko, “Kung nabuhay marahil si tatay ng mga ganitong edad, nasa mga kaparehong edad rin sana siya, gaya nitong lalaking ito, nasa mga animnapu’t lima o pitumpung taong gulang.” At napamahal sa akin ang lalaking iyon, sa paraan ng pag-iisip ko. “Siguro’y hindi pa siya nakakain ng mainam-inam na pagkain, sa tanang buhay niya. Siguro’y hindi pa siya nakaupo sa may hapag-kainan, sa tanang buhay niya.” At ang lahat ng ito, at pagkatapos naglalakad pa sa kadiliman.

⁵⁷ Pagkatapos ay may Bagay na pumasok sa aking puso. Mahabag nawa ang Diyos! Siya’y tao. Isa siyang kapatid. Nang magkagayon, noong tumimo Iyon, may bagay na pumahid. May paglalang na kumikilos sa paligid, at ika’y. . . Naiparating Iyon sa taong ito. Sa ilang sandali, narinig ko siyang may isinisigaw sa may balikat ko. At sumisigaw siya ng, “Nakakakita na ako. Nakakakita na ako.”

⁵⁸ Ano ba iyon? Banal na pag-ibig. Naiparating ang simpatya, ng Espiritu Santo, sa taong ito. At sa pamamagitan niyon, sa dulo ng landas, kung saan hindi na siya. . . Wala nang magagawa pa. At umiral ang pag-ibig, at nakatagpo ng pag-ibig ang pag-ibig, pagkatapos ay kumilos ang ganap na biyaya. At ang Diyos, sa pamamagitan ng ganap na biyaya, ay ipinanauli ang paningin ng taong iyon. Kita n’yo? Una, kailangan ninyong pumasok sa kaisipan na iyon.

⁵⁹ Ganoon ang dapat ninyong gawin sa isang makasalanan. Maraming tao ang nananalangin para sa mga makasalanan. Mabuti iyon. Subalit hindi ganoon ang paraan para maakay ang isang makasalanan. Gawain ninyo na akayin ang makasalananang iyon. Hindi ninyo siya naaakay sa pamamagitan ng pananalangin para sa kanya. Maaakay n’yo siya, maaakay—

maaakay n'yo siya sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kanya, at ipinapakilala sa kanya, si Cristo. Iyon ang gawain ninyo. Iyon ang tungkulin n'yo, ay ang mag-akay ng mga makasalanan sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kanila. At ang pagpaparating sa kanila ng pag-ibig ng Diyos, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, 'yun ang nakapag-aakay sa makasalanan. May magsasabi, "Hindi ako magsisimba. Gusto ko talaga ang babaeng *iyon*. Gusto ko ang taong *iyon*." Kita n'yo, dahil inakay n'yo sila. Kung nanatili kayo sa bahay at ipinanalangin lang ang makasalanan, hindi pumaroon para makipag-ugnay sa kanya, kaunting-kaunti lang ang magagawa. Subalit kailangan ninyong manalangin at saka pumaroon. Siyanga. Pumaroon at gawin iyon, ngayon, ang pagpapadama ng pag-ibig na ito.

⁶⁰ Dito ilang araw na ang nakalipas, nakikinig ako sa isang patotoo ng isang—isang tanyag na negosyanteng may pagawaan ng mga pang-araro, na nakatayo sa entablado. Buweno, nakaupo roon ang mga negosyante na mula sa buong mundo, nakaupo sa entablado, at ang lalaking ito na lalaking may pagawaan ng mga pang-araro. Tumayo siya, sabi niya, "Buweno, hindi ko alam kung bakit kailangan akong maoperahan." At mahal ko 'yung tao. At isa siyang dakilang tagasunod ni Kapatid na Roberts, na kaibigan natin. At kaya nga noong... Sabi niya, "Noong malaman ko na nagkakasakit na ako at may problema na sa bato, sakit sa kidney, mangyaring nakasalo ko sa hapunan si Kapatid na Oral." At sabi, "Tumayo si Kapatid na Oral at sabi, 'Ngayon, kapatid, ako—nakikita kong naliligalig ka, kaya,' wika niya, 'ako'y—ipinanalangin kita.'"

⁶¹ "At sabi niya, 'Buweno, purihin ang Panginoon! Talagang gusto kong sabihin iyon, Kapatid na Oral.'"

⁶² At sabi, lumapit si Oral at inilagay nito ang mga kamay sa mga kidney niya, "At sabi, 'Sinaway ko ang sakit sa bato na ito, at na lisanin kaagad ang taong ito.'" At sabi, "Nang gawin niya iyon," sabi, "guminhawa ang pakiramdam ko." At sabi, "Kaunting panahon lang, bumalik na naman." Sabi, "Nagpunta na naman ako kay Kapatid na Oral." At sabi, "Muli siyang nanalangin. Guminhawa ang pakiramdam ko. Subalit, sa tuwing bumabalik iyon, lalo pang lumalala iyon."

⁶³ At sabi niya, "Pagkatapos, ang sumunod na bagay na naisip ko, 'Kung makakapunta ako,'" sabi niya, "'kay Kapatid na Branham, at makatatayo sa harapan niya. At bababa sa kanya ang Espiritu Santo, sasabihin niya kung gayon sa akin kung bakit hindi ako gumaling noong ipinanalangin ako ni Kapatid na Oral.'"

⁶⁴ Kaya, tinunton niya, at nagpunta siya ng Louisiana. Naroon ako sa mga gawain doon. At tumayo ako sa harapan niya, sa loob ng dalawampung minuto. Tahimik ang Espiritu Santo, walang

sinabing anuman. Ipinanalangin ko siya, at sabi niya bumuti ang pakiramdam niya. At nagpunta nga siya, pagkatapos ay umalis siya, nagiging nerbiyoso, matatakutin. Kung saan-saan siya nagpunta, sa lahat ng mga tao, “Ipanalangin n’yo ako! Ipanalangin n’yo ako!” At mahal niya ang Panginoon.

⁶⁵ Ngunit, sa wakas, humantong sa kalagayan na siya ay... dinala siya roon sa Mayo. Sinuri siya doon sa Mayo, at sabi, “May isang tsansa ka sa sanlibo, na mabubuhay. Nagkaimpeksyon na. Ang buong katawan mo ay nalason na, at uremic,” at, oh, nakalimutan ko nang lahat kung ano ’yon. Sabi, “May isang tsansa ka sa sanlibo.”

⁶⁶ Kaya, sabi niya, “Tinanggap ko iyon.” Sabi niya, “Nanalangin ako, ‘O Diyos, alam Mo pong Ikaw ay mahal ko. At nagpunta na ako sa lahat ng Iyong mga lingkod.’”

⁶⁷ At nakipagsapalaran siya, at pinatulog nila siya. At sabi, noong magising siya sa kuwarto, sabi niya ay mayroon daw isang llaw na nagliliwanag sa silid, at ang Kaluwalhatian ng Diyos ay nasa buong paligid niya.

⁶⁸ At namangha ang mga doktor. Pumapasok sila, at nagsasabi, “Buweno, ano’ng nangyari dito?”

“Aba,” sabi niya, “parang gusto ko nang umuwi.”

⁶⁹ Ano ba iyon? Kita n’yo, inilagak niya ang kanyang mga pag-asa sa, “Kung may mangyari man sa akin, pupunta ako kay Kapatid na Roberts. Kung mabigo iyon, pupunta ako kay Kapatid na Branham.” At, gayunman, mahal niya ang Panginoong Jesus. Hinayaan ng Diyos na mabigo ang lahat ng iba pa, para iratay siya roon sa kanyang higaan, kahit noong sinabi na ng doktor, “Wala na kaming magagawa pa.”

⁷⁰ At nang magkagayon noong humantong na sa dulo nito ang Banal na pag-ibig, ay pumasok na ang ganap na biyaya at umiral. Gagawin niyon ito lagi; kung tama ang mga motibo mo, tama ang mga alternatibo mo, kung magkakaroon ka ng Banal na pag-ibig, at mananampalataya, lumakad nang pasulong, na walang anumang pinag-aalinlanganan. Kapag dumating na ito, na tila бага narating na ang dulo ng landas, saka na iiral ang ganap na biyaya.

⁷¹ Gaano ko nang nakitang gumawa iyon! Kung papaanong nakita ko na iyon sa sarili kong buhay! At hindi lang sa pamamagitan ng isang teolohiya, o hindi sa kung anong uri ng isang—ng karanasan ng iba. Nagagalak akong lubos, sa araw na ito, na makapangungusap ako mula sa isang personal na karanasan, na malaman na iyon ay ang katotohanan. Bakit pa tayo natatakot kung gayon? Hangga’t alam nating Banal na nananahan ang pag-ibig ni Cristo sa ating puso, na lumipat na tayo mula sa kamatayan patungo sa Buhay, lahat ng mga diablóng mula sa impiyerno ay walang pagkakataong

makapasok, maging sa kamatayan, kung magpapatuloy kayo sa pag-ibig na iyon at pananampalataya.

⁷² Para ba itong isang munting sanggol. Ipagpahalimbawa ninyo ang isang munting sanggol. . . Ipapakita ko sa inyo, para maunawaan iyon ng mga bata. Narito si Gng. Kelly na nakaupo rito sa harapan natin. Noong isang lasing na sundalo, sa palagay ko iyon noon, ang bumangga sa kanila noon doon. At binuhat siya, sa pag-aakalang patay na, rito. Dinala nila siya sa isang ospital, walang malay-tao. Noong bigo na ang lahat, at payaon na siya. At, gayunman, taglay ang pag-ibig ng Diyos sa kanyang puso, ay nagkamalay siya. Pumasok roon noong araw na iyon, at pagkatapos ay naiparating ang ganap na biyaya, pagkatapos ng Banal na pag-ibig. At heto siyang nakaupo, ngayong umaga, sa gitna natin, buhay ngayong araw na ito.

⁷³ Kita n'yo, isa itong bagay na nagaganap. Kapag narating n'yo na ang dulo ng inyong landas, kapag nakarating na kayo sa dako na hindi na kayo makakilos, kung magkagayon ay kikilos na ang Kapangyarihan ng Diyos, sa pamamagitan ng ganap na biyaya, sa bagay na nakikita ninyo.

⁷⁴ Halimbawa na lang ang isang munting bata, isang maliit pang bata, na may kaunting mga pag-aalburuto, mga sumpong, at sisigaw sila, at magsisisipa, at hihiyaw. At malalaman mo na lang, pipigilin nila ang kanilang paghinga. At makikita mo na kakargahin iyon ng isang ina, at hahatakin iyon, at iaangat iyon sa ere, hihipan ang mukha nito. Hayaan mo lang. Wala pa kailanman, sa buong kasaysayan ng medisina, na may isang namatay nang ganoon. Hindi sila mamamatay. Sinusumpong lang siya. Sinusubukan lang niyang makakuha ng simpatya. Sinusubukan niya lang na magpapansin, at sumpong lang iyon. At pagkatapos na maibulalas na ang kanyang pagkasumpong, sa isang punto, na pinigil na niya ang kanyang paghinga, kung saan wala na siyang kapupuntahan pa, saka na papasok ang kalikasan, at kakampante na siya at mag-uumpisa na namang huminga. Ang lahat ng pagkarga mo, at pagsigaw, ay ginagawa lang. . . paghiyaw, at pag-hip sa kanyang mukha, ay nagpapalala lang sa kanya.

⁷⁵ Ganoon iyon, pagkatapos nating magpalipat-lipat ng simbahan, palipat-lipat ng lugar, palipat-lipat galing sa isang gawaing-pagpapagaling tungo sa isa na namang gawaing-pagpapagaling. Kapatid, kunin mo ang pag-ibig at sumulong ka, 'pagkat nasa dulo ka na ng landas. Ipararating ng Diyos ang ganap na biyaya paghantong mo sa dulo ng landas. Kapag napuno na ang pag-ibig, obligado na kung gayon ang Diyos. Kapag humantong ka na sa iyong hangganan, at narating na ng tao ang kanilang hangganan, saka na mangingibabaw ang biyaya. Kalikasan ng Diyos na gawin ang gayon.

⁷⁶ Gaano kong napansin iyon! Kung paano na kapag ako’y . . . Ipagpaumanhin n’yo itong personal na patotoong ito ngayon, panandali lang. Nabasa n’yo na ang aklat. Doon noong araw na iyon, sa Portland, Oregon, noong tumakbo papuntang entablado ang baliw na iyon, na papatayin na ako. Nabasa na ninyong lahat iyon, marahil, sa aklat. Anong nangyari? Ipinadala ako ng Diyos para ipangaral ang Ebanghelyo. Iyon ang ginagawa ko.

⁷⁷ Libu-libong katao ang nagkatipon. Punong-puno ng mga nakatayo ang mga lansangan, at animnapu’t humigit-kumulang na raan sa loob; at bumubuhos noon ang ulan, nakatayo ang mga tao roon. Nasasabik ang kanilang mga puso, nagugutom. Doon ay kung saan wala nang iba pa ang nasa larangan! . . .? . . . sa pagtitipon. At kinakailangan ka pa nilang hilahin sa karamihan, at lahat na ng iba pa, na may mga tagahatid na pulis, para ipasok ka.

⁷⁸ Nanggaling ako noon sa isang silid, at doon ay inakay ang dalawang kalugod-lugod na mga pulis kay Cristo, doon sa may silid-bihisan; dalawang bata pang lalaki, sa kapulisan, nasa kanilang maagang beinte. Ang isa sa kanilang mga ina ay gumaling, noong gabi bago iyon. At pareho silang yumukod doon, at inakay ko sila sa Panginoong Jesus.

⁷⁹ Paglabas ko patungo sa entablado, upang mangusap, ng pananampalataya. Bigla-bigla, isang baliw na nanggulpi ng isang mangangaral, doon sa lansangan, nang hapon na iyon, ang nakatakas sa isang institusyon, binali ang buto nito sa balikat, binali ang panga nito. Gustung-gusto niyang pumatay ng mga mangangaral. Patakbo siyang pumasok, at inisip, “Ito na ang pagkakataon ko.” Pumanhik siya ng entablado, tumitimbang ng mga 250 o 260, halos anim na talampakan at sampung pulgada kataas, iniaamba-amba ang kanyang mga kamay. Sabi niya, “Ikaw na ipokrito! Ikaw na ulupong sa damuhan!”

⁸⁰ Hayun na. Nasa kaayusan na ang gawain ng Diyos; napagagaling ang mga tao; libu-libo ang naliligtas at pinagpapala; napolisigla ang mga ministro. Itong dakilang rebaybal, nasa pasimula pa lang, noon, upang mag-umpisang lumaganap sa buong mundo. Nakaupo roon sa itaas, nakaupo si T. L. Osborn, (Amen!) na nakapag-akay na ng laksa-laksang mga kaluluwa kay Cristo; nakaupo roon, nagpapastor ng isang iglesya kasama ang walo o sampu sa kanyang kongregasyon, naglalakad pababa, mula sa balkonahe.

⁸¹ At ang baliw na iyon ay tumakbo sa entablado, para guluhin ang pagtitipon ng Panginoon. At sabi niya, “Ikaw na ulupong sa damuhan! Ikaw na ipokrito, pinalalabas mo ang sarili mo na isa kang lingkod ng Diyos. Ipapakita ko sa iyo, ngayong gabi, na hindi ka lingkod ng Diyos. At babaliin ko ang bawat buto sa iyong kapirasong maliit na katawan.” At tumakbo siya roon sa itaas at iniaamba ang malaki niyang kamao, para suntukin ako.

Bumaling ako. Kung saan-saan nagtakbuhan ang mga ministro, lahat na.

⁸² Tumayo, at dumahak siya't dinuraan niya ako sa aking mukha. Sabi niya, "Ikaw na ulupong sa damuhan! Ipapakita ko sa iyo kung gaano ka ngang lingkod ng Diyos. Ikaw na mapanlinlang!"

⁸³ Hindi ako nagsalita ng isa mang salita. Tiningnan ko lang siya. At bigla na lang, ang Espiritu Santo, may kung anong iba pang . . .

⁸⁴ Ano kaya ang iisipin ninyo kung dinuraan kayo ng isang tao sa inyong mukha? Aba, kung magagalitin kayo, gagalitin kayo nun. Tiyak, na gagalitin kayo niyon. At naritong dumarating ang dalawang pulis, 'yung dalawa ring pulis na . . .? . . .na may mga bagay sa kanilang mga kamay, para hatawin 'yung naturang lalaki, para alisin siya. Subalit, hindi ko mahahayaan silang gawin iyon.

⁸⁵ Naglagay ang Diyos ng pag-ibig sa puso ko para sa mortal na nilalang na iyon. Naisip ko, "Hindi 'yung tao. Isang diablo ang naglagay sa kanya sa ganoong kalagayan. Ang lalaking 'yan ay isa ring normal na tao na magnanais na magmahal at mabuhay, katulad ng ibang tao. Subalit ang diablo ang nagdulot sa kanya na magkaganoon." At nag-umpisang dumaloy ang isang pag-ibig, para sa taong iyon. At malaman mo na lang, bumagsak na pala 'yung lalaki at nahulog doon sa may paanan ko. Nang maiparating ang Banal na pag-ibig, pumasok ang ganap na biyaya at umiral. Gagawin nito ang ganoon palagi.

⁸⁶ Dito hindi pa katagalan, noong . . .Maaaring nasabi ko na ito sa inyo dati. Noong isang taon, taon bago nitong huli, itong ngayon. Nagtatabas ako noon sa bakuran ko roon, sinisikap na madamuhan ang bakuran ko, pabalik-balik, nang pabalik-balik. Kinailangan kong huminto at magpalit ng damit, pumasok at manalangin para sa isang tao, lumabas. Buweno, tumaas na ang mga damo sa bakuran ko noon. Bago ko . . .Sa likod, bago ko pa madamuhan ang harapan, ay tumutubo na iyon.

⁸⁷ At kaya ako, isang araw, naroon na naman ako sa likod na hawak ang luma kong makinang pantabas, nagtatabas, nang tuluy-tuloy, nagsisikap, sa isang maliit na pantabas. At nakalimutan kong may bahay nga pala ng mga putakti doon sa may sulok. At naibangga ko ang pantabas na iyon doon. At doon sa likuran, ay nakatanggal ang kamiseta ko, wala akong suot na kamiseta noon. Tinamaan ko ang bakod na iyon ng makinang pantabas, walang suot na kamiseta. Sa isang iglap lang, napaligiran na ako ng mga putakti. Alam n'yo na kung ano ang mga 'yon, isang malaking bahay ng mga putakti; papatayin ka ng mga iyon. Naglalakihang mga nilalang na talagang humuhugong! Oh, naisip ko . . .

⁸⁸ Una, natakot ako roon. Pagkatapos, bigla na lang, may bagay na nagsimulang maganap, nagsimula akong kumalma. Yaong mga putakti, humuhugong pa rin sa paligid. Ngayon, para bang isang bata ang dating nito, para bang pambata ang dating nito. Subalit, alam ng Diyos ng Langit kung ito ba’y totoo, o hindi, na Siya kong tinatayuan. Nang magkagayon, imbes na subukang labanan, at palu-paluin at hampas-hampasin ’yung mga putakti, nagkaroon ng kung anong uri ng maka-Diyos na pag-ibig na bumalot sa akin.

⁸⁹ At naisip ko, “Kawawa namang maliliit na mga nilalang, may karapatan nga kayong gumawa ng tirahan. Iyon ang paraan na ginawa para sa inyong ng Diyos para maprotektahan n’yo ang inyong sarili. At ginambala ko kayo, at patawad na nagawa ko iyon. Kung magagawa ko lang na maibalik muli, hindi ko na kayo gagambalain pa. Hindi ko sinasadyang gawin iyon.” Subalit, sabi ko, “Ako ang lingkod ng Panginoon. At ang mga may sakit Niyang mga anak ay naririto para maipanalangin, at kinakailangan kong magmadali at damuhan ang bakurang ito. Ngayon, kayong mga mumunting nilikha ng Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo, bumalik na kayo sa inyong tirahan. Hindi ko na kayo gagambalain pa.”

⁹⁰ At ano iyon? Iyon ay dahil nanalangin ako, sapagkat maaaring tinibo na sana ako hanggang sa mamatay. Sa pag-ibig ng Diyos, na may pusong nakapasakop, nagkaroon ng pagpapadama ng pag-ibig, at umiral ang ganap na biyaya; ano ang makapagsasabi sa mga putakti na iyon, magsalita, at bawat—at bawat putakti ay umikot na sa paglipad, at humilera na gaya ng grupong militar ng mga sundalo, at agad na dumiretso pabalik sa kanilang tirahan.

⁹¹ Ano iyon? Hindi ko naman kayang kausapin ang mga putakti. Wala akong paraan para makausap ko sila. Papaano ko sila mapipigilan sa pagtibo sa akin? Nasa hangganan na ako nun. Subalit may taglay akong pag-ibig. Ang Diyos ay pinagkalooban ng pag-ibig ang mga putakti na iyon, at nakipag-usap ako sa kanila sa aking tinig. At ang Espiritu Santo, sa pamamagitan ng ganap na biyaya, ay ginabayan ang mga putakting iyon pabalik mismo sa kanilang tirahan.

⁹² Hindi kalayuan sa daan, may isang matandang Guernsey roon sa Henryville, isang araw. Itong napakalaking toro rito, na pumatay rito sa isang lalaking itim, dito sa Brooks farm. Nakapatay na ng isang lalaking itim, kamuntik nang mapatay din ’yung batang West, sa ganoon ding paraan. Inilagay nila siya roon sa bukid na iyon. Hindi ko naman alam. Nagpapatrolya ako noon. Dapat sana’y may bitbit akong baril; pero hindi ko nadala iyon.

⁹³ Isang araw, pagdaan, naisip ko na pupunta ako—pupunta ako roon, mananalangin para sa isang taong may sakit. Dumaan

ako sa bukid na iyon, wala sa isip ko na ang toro na iyon ay naroroon sa bukid na 'yun. At nakarating na ako nang malayo roon sa gitna ng bukid. Ano'ng nangyari? Bigla na lang, lumabas doon sa mga maliliit na kumpol ng mga palumpong, itong malaking panlaban na toro, ang mahahaba niyang sungay *nakaganoon*, at umatungal ito. Alam kong iyon na ang naturang pumapatay na iyon.

⁹⁴ Lumingon ako. Napakalayo ko mula sa bakod, mga dalawandaang yarda. Wala siyang tatlumpu, apatnapung talampakang layo mula sa akin. Naroon siyang nakatayo, na nakababa ang mga sungay, umatungal nang napakalakas. Wala akong baril, at walang punong maaakyat. Hindi na ako makabalik sa bakod. Naisip ko, "Hayan na, ito na ang katapusan. Bill Branham, dito mo na makakatagpo ang iyong katapusan, ang mamartir, mapatay sa pagkakasuweg, dito sa bukid." Tumayo ako roon.

⁹⁵ Subalit, bigla-bigla na lang, may Bagay na nagsimulang dumapo roon. . . ? . . . sa puso. Ang kaluwalhatian ng Diyos. May Bagay na pumasok sa aking puso. Sa loob-loob ko, "Nagambala ko ang kawawang hayop na iyon. Hindi naman ang kawawang hayop na iyon. Ang diablo ang siyang nagtutulak sa kanya na gawin iyon."

⁹⁶ At isang bagay lang ang tanging alam ko. . . .Heto iyon. Gusto kong pakinggan ninyo ito. May iisang bagay lang na makagagapi sa diablo, 'yun ay, ang purong Banal na pag-ibig. Gagapiin ng pag-ibig ang lahat ng bagay. "Gayon na lang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan," ginapi nito ang problema tungkol sa kasalanan, ginapi nito ang problema tungkol sa karamdaman. Gagapiin nito ang hidwaan sa iglesia. Gagapiin nito ang lahat ng bagay na hindi Nito katulad, na dapat gapiin. Gagawin Nito iyon, kung hahayaan n'yo lang Ito na gawin iyon.

⁹⁷ At nang magsimula nang sumugod sa akin ang malaking hayop na iyon. At, imbes na magalit sa hayop na iyon, Kapatid na Mike, minahal ko pa siya. At naisip ko, "Isa kang nilalang ng Diyos. Sino pa bang iba ang makalilikha sa iyo kundi ang Diyos? At tahimik kang nakahiga diyan, at nagpunta ako sa teritoryo mo, na may mga babala naman sa buong bukid. Hindi ko iyon naisip. Basta ko na lang binago ang dati ko nang dinadaan, para magpunta at manalangin para sa isang taong may sakit."

⁹⁸ At hayun nga't nakita ko ang nilalang na 'yon na paparating na, ang ulo niya ay pasuwag-suwag nang *paganoon*. At sumusugod na siya sa akin, para patayin ako, at alam ko iyon.

⁹⁹ Subalit nagsimulang dumating ang Banal na pag-ibig. Naisip ko, "Kawawang nilalang, isang ignoranteng hayop, wala nang ibang alam. Nariyan kang nakahiga, at ginambala naman kita. Kaya, ngayon, ako ay lingkod ng Diyos; ikaw ay isang nilalang ng Diyos. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, bumalik ka na at

mahiga na, dahil papunta na ako para manalangin para sa isa sa mga may sakit na anak ng Diyos. Bumalik ka na at mahiga na.”

¹⁰⁰ At pasugod na noon sa akin ang torong iyon nang buong bilis na makakaya niya. Walang takot; ni hindi ako katiting man na mas natakot kaysa matatakot ako kay Kapatid na Neville na nakaupo mismo rito. Isang dalisay lamang na banal na pag-ibig sa puso ko! Ano ang ginawa nito? Lumikha iyon ng kapaligiran. At ang torong iyon ay nakapasok mismo sa kapaligirang iyon. Hindi lalampas ng sampung talampakan ang layo mula sa akin, huminto siya at ipinadyak ang kanyang mga paa. Tumingin siya mismo *rito*, talagang talunan, na may pinakamaamong anyo sa kanyang mukha, at tumalikod, at naglakad na at nahiga. At dumaan ako sa agwat na limang talampakan lang ang layo. Ano iyon? Kapag naipadama ang Banal na pag-ibig, iiral na noon ang ganap na biyaya.

¹⁰¹ Iyon ang siya ring Diyos na kayang pigilan ang mga leon sa paglapit kay Daniel. At lumapit ang mga iyon na umaatungal. At ang abang si Daniel ay nakatayo roon, nakabalot sa pag-ibig ng Diyos. Nagpunta ang mga leon at nahiga lang. Payapa noon.

¹⁰² Sinasabi ko sa inyo, kapatid ko, kapag binalot kayo ng Diyos sa Banal na pag-ibig, nagkakaroon kung gayon ng kapayapaan sa libis para sa inyo. Mayroon nga.

¹⁰³ Dito kamakailan lang, parating ako mula roon sa Dallas, Texas. Nakasakay ako noon sa eroplano, pauwi na. Nagdaos kami ng pagtitipon sa dako roon. At sa daan ko, naparaan sa isang bagyo, at napilitang bumaba ang eroplano sa Memphis. At habang nasa Memphis ako noon, pinatuloy nila ako roon sa Peabody Hotel, oh, isang malaking enggrandeng lugar. Para bang nakaramdam ako ng pag-aalangan. Naroon ako nang gaging iyon, at tumuloy nang magdamag. Tinawagan nila ako kinaumagahan at sabi, “Reb. Branham?”

“Oo.”

¹⁰⁴ Sabi, “Susunduin ka ng limousine ngayon nang eksaktong alas-siyete. Aalis ang eroplano ng alas-siyete y media.”

¹⁰⁵ Sabi ko, “Salamat, ginoo,” at ibinaba na ang telepono. Bumangon ako, nanalangin. At naisip ko, “Buweno, may oras pa ako, marahil, para tumakbo sa isang tanggapan ng koreo. Meron akong ilang liham rito, na sinagot ko kagabi.” Bumangon na ako at nag-umpisa nang maglakad-lakad sa kalsada, naglalakad sa kalsada, na umaawit.

There are people almost everywhere,
Whose hearts are on flame
With the Fire that fell on Pentecost,
That cleansed and made them clean;
Oh, it's burning now within my heart,
Oh, glory to His Name!
I'm so glad that I can say I'm one of them.

¹⁰⁶ Habang naglalakad ako sa kalsada, na dala itong ilang mga liham sa kamay ko, papunta roon sa tanggapan ng koreo. May naramdaman akong Bagay na kakaiba. Alam n'yo na ang sinasabi ko, di ba? Para bang ang lahat ng bagay ay basta na lang tumahimik. Oh, napakagandang pakiramdam! Naisip ko, "Oh, naku, hindi ba't napakainam nito!" Ngayon, umaawit datirati si Doc ng isang maikling awitin:

Itulot Mong lumakad ako kasama ng
Kalapating Makalangit;
Landas ko sa araw-araw ay Iyong punuin ng
pag-ibig.

¹⁰⁷ Naiisip ko 'yun dati. At ang pag-ibig ngang ito ay nag-umpisang bumuhos, nang sobra. Mayroon na tayong pag-ibig, ngunit kailangan natin ng kasaganaan ng pag-ibig, ng pag-uumapaw ng pag-ibig.

¹⁰⁸ Sasabihin n'yo, "Oh, mahal ko ang mga makasalanan." Ngunit, oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, sapat ba ang pag-ibig mo sa kanila para magpunta roon at kausapin sila at himukin sila tungo kay Cristo? Nauunawaan n'yo na ang ibig kong sabihin?

Sasabihin n'yo, "Mahal ko ang Panginoon."

¹⁰⁹ Subalit kaya n'yo ba Siyang pagtiwalaan kapag iniiling na ng doktor ang kanyang ulo? Kaya n'yo ba Siyang pagtiwalaan kapag wala nang lahat ang iba pang bagay? Kailangan ninyo ng nag-uumapaw na bautismo ng pag-ibig, Banal na pag-ibig. Kapag para bang, kapag nanalangin ka, at ang panalangin mo ay hindi tinugon, mahal mo pa rin ba Siya? May Bagay ba na patuloy ka pa ring dinadalisay? Iyon ay ang ganap na biyaya ng Diyos, na kailangang umiral. Tiyak nga. Iyon ang kalikasan ng Diyos. Wala nang magagawa pang iba ang Diyos kundi ang gawin iyon.

¹¹⁰ Nang makita ng Diyos ang kasalanan ng sanlibutang ito, at nakitang unti-unti nang namamatay ang mga tao, nang walang pag-asa, at hindi na maililigtas pa, at gayunman alam Niyang iibigin Siya ng mga tao, iyon—iyon ay nakapagpabagabag sa Diyos, at pinatunayan niyon ang Kanyang kalikasan. Ang kalikasan ng Diyos ay pag-ibig. Ang Diyos ay pag-ibig. At nabagabag ang kalikasan ng Diyos, hanggang sa kinailangan Niyang magbigay ng daan ng pagtakas para doon sa mga gustong makatakas. At isinugo Niya sa sanlibutan ang Kanyang Anak, na ginawa sa anyo ng makasalalang laman, upang pasanin ang ating mga kasalanan at mga karamdaman sa Kalbaryo. Ginawa iyon ng Diyos. Ang pag-ibig ng Diyos, na ipinaparating, ay naglaan ng ganap na biyaya.

¹¹¹ At kailanma'y hindi sinabi ng Diyos, "Kung gagawin mo iyon; kung gagawin mo ang *ganito*, gagawin Ko ang *ganito*." Ang Diyos, nang wala man lang kahit anong mga kundisyon,

isinugo Niya ang Kanyang Anak upang mamatay na kapalit mo, at tapusin na ang problema tungkol sa kasalanan. Walang kaugnayan 'yun sa kung ano man ang inisip ng mga tao. Ginawa pa rin iyon ng Diyos, ano't anuman. Amen. Ang Banal na pag-ibig, na inilalagay na sa matinding pagkagipit, kinakailangan nang umiral ang ganap na biyaya. Ganoon lang iyon, kapag nailagay ang Banal na pag-ibig sa tamang lugar.

¹¹² Makinig kayong mabuti. Nang umagang iyon pagkalabas ko ng eroplano, o pagkalabas ko ng hotel, nagsimula akong maglakad sa kalsada, naglalakad ako, na umaawit. Bigla na lang, may Bagay na para bang bumubuhos sa akin, isang kamangha-manghang ambon ng pag-ibig. Naisip ko, "Oh, kung magagawa ko lang... Oh, naniniwala ako, na para bang pakiramdam ko, kung may makikita lang akong maipapanalangin!" Ganoon ang pakiramdam mo, kapag may bagay sa puso mo, na humihila.

¹¹³ Noong isang araw... Maaari ba akong huminto muna ulit sandali? Noong isang araw, nagkasakit ang munting si Sarah. Nang paalis kami, oh, napakainit noon. At gabi-gabi na lang akong laging gising, nakakatulog lang ng mga dalawang oras, mga kinatawan mula sa iba't ibang bahagi ng daigdig, na kinakailangan kong makipagkita sa isang *ito*, sa isang *iyon*, nananalangin, nangangaral nang tatlong beses kada araw. Oh, pagod na pagod! Ako ay sadyang... At pagkatapos ay nakalabas ako, at kinailangan kong maghintay. At pagkatapos ay bumiyahe ako ng ilang milya palabas ng siyudad na iyon. At talagang antok na antok na ako, kahit umagang-umaga pa lang, hanggang sa kinailangan kong mahiga, habang nakaparada sa gilid ng daan, at matulog. Maiksi, ilang minuto, bumangon na at muli akong bumiyahe. Talagang hindi ko mapanatiling nakabukas ang mga mata ko, sinisikap na magpursige, para makarating sa babaeng ito. Patawid doon sa lubhang napakainit na mga disyerto ng Nebraska, padaan doon.

¹¹⁴ At naisip ko, "Oh, naku!" Ang munti kong si Sarah ay nagsususuka na noon at nabubulunan. Ang kawawang munting bata ay may sakit, magdamag. Kinaumagahan, malubha na ang sakit niya, na kinailangan na talaga naming ihinto ang kotse. Namumutla ang kanyang mukha. At, saka, pagod na pagod ako at hapo na, naisip ko, "O Diyos! Oh, grabe na ang sitwasyon. Diyos, tingnan N'yo, ako—hindi ko na po kayang magmaneho pa; pagod na pagod na ako. At nanggaling ako roon kasama ng Iyong mga tao, sinisikap ang abot ng makakaya kong gawin, at ang munting si Sarah ay malubha ang sakit. Kung saan kami nagpunta..."

¹¹⁵ At pumunta ako roon at ipinatong ang mga kamay ko sa kanya. Sabi ko, "Mahal na Amang Makalangit, ipinagkaloob Mo sa akin ang batang ito; sa Iyo po ito. Pinalaki ko lamang siya." Ipinatong ko ang mga kamay ko sa kanya. May Bagay

na nagsimulang kumilos doon sa aking puso. Iyon na ang nagpahinto sa pagsusuka. Hindi na siya muling nagsuka, mula noong araw na iyon hanggang ngayon.

¹¹⁶ Noong ikalawang araw naman, nag-umpisa si Becky, na malubha ang sakit, para bang isang virus, at nagsuka nang nagsuka, ang munting bata ay nagsuka buong gabi. Kinabukasan, sabi ni Meda, “Kukuha tayo ng ilang Pepto-Bismol.” Nagbuhos ng ilang kutsara at ibinigay sa kanya. Isinuka lang agad iyon ng munting bata.

¹¹⁷ Nakarating kami sa Tetons. Paglabas namin ng mainit na lalawigan, sa simula ng biyahe, gusto niyang makita ’yung magandang kabundukan. Hindi naman niya magawa iyon; malubha ang sakit niya. Sabi ko, “Mahal ko, tingnan mo. Gusto kong kunan. . .” Sabi, “Gusto ni tatay na ikuha ka ng litrato, para makita mo ’yung bundok doon.”

¹¹⁸ Sabi niya, “Oh, tatay, talagang pakiramdam ko’y parang mamamatay na po ako.” At kaya naman binigyan namin siya ng isa pang Pepto-Bismol.

Naghandog kami ng panalangin, nang umagang iyon, nagsabi, “Panginoon, maawa Ka po.”

¹¹⁹ At—at, oh, walang naging pagbabago roon. Kaya, huminto ako doon, at inilabas ko siya. Sabi ko, “Mahal ko, lumabas ka sa sariwang hangin.” Malamig noon. Suot niya ang kanyang maliit na jacket. May mga niyebe sa paligid. Kaya lumabas ako, at sinisikap niyang. . . Sabi niya, “Opo, tatay.” Nagsimulang. . . [Gumagawa ng ingay si Kapatid na Branham para gayahin si Rebekah—Pat.] At lumalabas noon ang tubig sa maliit niyang bibig. Tiningnan ko, at ang maliliit niyang mga mata ay nakatirik. At ang maliit niyang bibig, ay talagang nagtutubig nang husto.

¹²⁰ Lumakad ako sa banda pa roon. Tumingala ako sa bundok. Sabi ko, “Titingin ako sa mga bundok kung saan nanggagaling ang aking saklolo. Ang saklolo sa akin ay nanggagaling sa Panginoon.”

¹²¹ Bigla-bigla, may Bagay na nag-umpisang kumilos, sa loob ko. Oh, sana’y taglay ko iyon sa lahat ng sandali. Lumakad ako roon sa gilid ng kotse, binuksan ang pintuan. Sabi ko, “Tumingin ka rito kay tatay, mahal ko.” Oh, naku! Natapos na roon ang pagsusuka magpakailanman. Limang minuto mula noon, at tumatakbo-takbo na siya, nakikipaglaro na kay Sarah.

¹²² Ano iyon? Kapag naiparating ang Banal na pag-ibig, iiral na ang ganap na biyaya. Tiyak iyon.

¹²³ Doon sa kalsada noong umagang iyon, habang naglalakad-lakad sa Memphis; balik tayo sa kuwento ko. Naglalakad ako noon sa kalsada, sa Memphis, umaawit sa Panginoon, at bigla-bigla, may Bagay na nagsabi, “Huminto ka.” At huminto ako.

Bigla na lang, sabi Nito, “Pumihit ka at bumalik sa kabilang daan.” Buweno, papunta na kasi iyon sa may ilog.

¹²⁴ Naisip ko, “Oh, naku.” Lumakad-lakad pa ako. Naisip na, “Buweno, iyon ay isang bagay lang na akin lamang. . .” Alam n’yo na, ika’y nakakaramdam, alam n’yo na, maraming beses. At, maraming beses, nagkakamali ang mga tao sa pagsunod sa mga pakiramdam sa halip na sa pangunguna ng Diyos. Kaya nagsimula na akong magtuluy-tuloy lang, sa loob-loob ko, “Pakiramdam ko lang ’yon.” At, oh, papalayo ako nang papalayo, tumitindi naman nang tumitindi iyon. Tumabi ako, doon sa isang gilid na lugar, lumingon-lingon. May ilang mga gamit sa pangingsda na nakalapag doon. Naisip kong kumilos na para bang, mga taong nagdaraan, tumitingin-tingin sa mga gamit na ito sa pangingsda. Sa napuntahan ko, ang lahat ay medyo nagsialis na sa daanan, ’yung grupo kung saan banda nakatutok ang ilaw. Sabi ko, “Mabuting Amang Makalangit, ano po ba sana ang ibig Mong ipagawa sa akin? Ikaw po ba iyon na kumikilos sa puso ko? Sadyang pakiramdam ko’y para bang sumasabog ako sa loob, sadyang may Bagay na bumubuhos.”

May nagsabi, “Umikot ka at bumalik.” Sabi ko, “Saan?”

¹²⁵ Sabi, “Umikot ka at bumalik.” Hindi mahalaga kung saan. Basta magpatuloy ka lang sa paglakad!

¹²⁶ Umikot nga ako at nagsimula nang lumakad pabalik sa kalsada. Lumakad ako. Tiningnan ko ang relo ko. Inuudyukan pa rin ako Nito. Lumampas na ang oras. Lumakad-lakad pa ako, lampas na sa oras, ng alas-siyete y media, na pag-alis; alas-otso. Sa loob-loob ko, “Hala, naku, naku, naku!” Napalayo na akong masyado hanggang doon sa kung saan para bang gaya na sa mga bahay ng mga itim, napakaraming mga lumang bahay ng mga itim doon, hanggang doon pababa. At naglalakad ako roon, mataas na noon ang araw, maagang tagsibol, wala talagang mga ulap. Naisip ko, “Buweno, hindi na ako nakasakay sa aking. . . Ako—hindi na ako nakasakay ng eroplano ko.” Ngunit, naisip ko, “Oh, Diyos, ako. . . ayos lang kung hindi ako makasakay ng eroplano, hangga’t Ikaw lang. . . Patungo saan Mo po ba ako pinangungunahan, Panginoon? Hindi ko alam kung saan Mo ako dinadala. Saan po ba ako papunta?” Hindi ko na problema iyon; basta patuloy lang na lumakad. Basta nagpatuloy lang akong lumakad.

¹²⁷ Pagkaraan ng ilang sandali, tumingin ako. Nakaabang doon sa isang tarangkahan, nang *paganito*, may isang tipikal na matandang aunt Jemima na nakaabang doon sa may tarangkahan, at ang malalaki’t mapipintog niyang mga pisngi; nakatayo roon, at nakapulupot ang kamiseta sa kanyang ulo nang *paganito*, at nakatali sa likod. Naglalakad ako nang ganoon. At lumapit ako sa kanya, tumutulo ang mga luha sa

kanyang malalaki't mapipintog na mga pisngi nang ganoon. Pinagmasdan niya ako, sabi, "Magandang umaga, parson."

Sabi ko, "Ginang," sabi, "magandang umaga po."

¹²⁸ Para bang ngumiti siya at tiningnan ako, may mga luha sa kanyang mga mata. Naisip ko, "Tinawag niya akong, 'Parson.'" Ganoon ang tawag nila sa mga mangangaral doon sa Timog, alam n'yo.

At sabi ko, "Paano mo nalaman na isa akong ministro?" Sabi niya, "Alam kong darating ka." "Ano?"

Sabi, "Alam kong darating ka."

Sabi ko, "Hindi ko nauunawaan, auntie. Maaari mo bang sabihin sa akin?"

¹²⁹ Sabi niya, "Alam mo, nabasa mo na ba 'yung kuwento tungkol sa babaeng Sunamita na walang anak, at hiniling niya sa Panginoon na pagkalooban siya ng anak?" At sabi, "At dumating si Elias at binasbasan siya, at nagkaanak siya?"

Sabi ko, "Opo, ginang. Naaalala ko iyon."

¹³⁰ Sabi niya, "Ganoon akong babae." Sabi, "Wala ako noong anak. At nanalangin ako sa Panginoon, at sinabi ko sa Panginoon; kung pagpapalain Niya ako at bibigyan ako ng isang anak, kung gayo'y palalakihin ko iyon para sa Kanya." At sabi, "Pinagkalooban nga Niya ako ng isang anak." At sabi, "Naglalaba ako noon sa kuskusan ng mga labahin," may kaunting pagsingit sa alaala. Sabi, "Naglalaba ako noon sa kuskusan ng mga labahin para lang mapalaki ko ang batang ito." At sabi niya, "Noong lumaki na siya, parson, siya—maling landas ang tinahak niya. At sabi niya napabarkada siya sa masama, at nakahiga na siya rito, na nag-aagaw-buhay na."

¹³¹ At sabi, "Naparito 'yung lalaking doktor, noong araw bago kahapon, nang mawalan siya ng malay, at sabi ay wala na raw silang magagawa pa para sa kanya. Binigyan na nila siya ng 606 Salvarsan, at lahat na ng iba pa, mercury, at penicillin; talagang wala. Nakakahawang impeksyong seksuwal, syphilis, iniisip na hindi na gumagana 'yung balbula sa kanyang puso."

¹³² At sabi, "Wala nang magagawa pa para sa kanya." At sabi, "Nakahiga siya rito na nag-aagaw-buhay na. At sabi, 'Oh Panginoon, ayaw kong makita ang anak ko na mamatay nang ganyan.'" At sabi, "Ako—ako... Kung maririnig ko lang sana na sabihin niyang ligtas siya." At sabi, "Nanalangin ako, at nanalangin ako, sa loob ng dalawang gabi."

¹³³ Sabi, "Kaninang umaga, mga alas-tres," sabi, "pinatulong ako ng Panginoon, sa pagkakaluhod ko." Sabi, "Nanaginip ako ng isang panaginip." Sabi, "Nakakita ako ng isang lalaki na parating na nakasuot ng mapusyaw na kulay-balat na terno, nakasuot ng isang maliit na medyo pangkanluranin na sumbrero

na nakalagay sa gilid ng kanyang ulo. Sabi ko, ‘Panginoon, ako’yung babae, pero nasaan ang Iyong Elias?’ Sabi, ‘Heto na iyon.’”

¹³⁴ Sabi, “Bumangon ako kaagad sa higaan na iyon, at nakatayo na ako rito mula kaninang iyon, hinihintay ka.” Ganoon nga talaga ang suot ko, mismo.

¹³⁵ Oh, kapatid, kapag naiparating ang Banal na pag-ibig, ang ina na iyon kasama ang kanyang anak, oo, isandaan at walumpung libra, subalit anak pa rin niya iyon, na nakaratay, nag-aagaw-buhay sa kahihyan. Kahit gaano pa ito nakakahiya, anak pa rin niya ito. Mahal niya ito. Iyon ang pagmamahal ng isang ina. Kahit gaano pang kahihyan ang idinulot nito, gayon pa ma’y mahal pa rin niya ito.

¹³⁶ At kung hindi mo makakalimutan ang anak mo, kahit ano pa man, kung gayon gaano pa kayang hindi ka makakalimutan ng Diyos? Ang sabi Niya, “Ang inyong mga pangalan ay nakaukit sa mga palad ng Aking kamay. Makakalimutan ng ina ang kanyang sanggol, ngunit kailanma’y hindi Kita malilimutan.” Kahit ano pa ang nagawa mo, gaano ka pa man napalayo nang husto, gaano pa man ang kinasadlakan mo, mahal ka pa rin ng Diyos. Mahal ka ng Diyos. Panatilihin mong kumikilos ang pag-ibig na iyan. Huwag mo itong hayaan na mabigo.

¹³⁷ Kaya, bumuntong-hininga siya. Sabi niya, “Oh, sadyang hindi ko iyon magawa.” At sabi niya, “Parson, nanaginip ako ng isang panaginip, at nakita kitang paparating.” At sabi, “Noong tumunghay ako roon sa kalsada, at nakita ko iyang munting mapusyaw na kulay-balat na terno, at iyang maliit na sumbrero na nakalagay sa gilid ng iyong ulo,” sabi, “sinabi sa akin ng Espiritu, ‘Hayan na siya.’” At sabi, “Hindi ka ba tutuloy sa loob?”

¹³⁸ Naisip ko, “O Diyos,” naisip ko, “marahil dito Mo ako pinangunahan, ito ang dahilan kaya kinakailangan akong dumating.” Hindi ko kasi alam.

¹³⁹ Binuksan ko ang tarangkahan. May kadena iyon at isang sudsod ng araro na nakakabit rito. Hindi ko alam kung nakakita na kayo ng isa, o hindi pa. Binuksan ko’yung maliit na lumang pintuan at pumasok.

¹⁴⁰ Kapatid, nakapasok na ako sa mga palasyo ng mga hari. Nakapasok na ako sa mga pinakamayayamang tahanan na mayroon sa mundo. Nakapasok na ako sa ilang pang-multimilyunaryo, na nagkakahalaga ng dalawampu... kasinghalaga ng dalawampu’t walong milyong dolyar. Lumakad na ako sa mga alpombra nila, noong chenille iyon, mula sa isang gilid hanggang sa kabila, kung kailan makahihiga ako at makatutulog nang maginhawa sa mismong alpombra pa lang, kung saan napakagaganda ng mga tahanang iyon.

¹⁴¹ Subalit doon ay wala man lang ni isang alpombra sa sahig. At isang maliit na lumang de-posteng bakal na higaan

ang naroon; isang pangkaraniwang munting lumang kumot na nakakumot sa batang ito. May karatula sa pintuan, "God bless our home." Alam kong nasa presensiya ako ng isang tahananang Cristiano. Alam kong nasa isang dako ako kung saan may pananalangin. Walang mga nakadikit sa dingding na poster ng seksing babae, walang mahahalay na mga larawan; kundi ang Biblia ay nakalapag na bukas sa isang maliit na lumang mesang marmol ang ibabaw, na nakalagay roon.

¹⁴² At isang malaking kabataang lalaki ang nakahiga roon sa higaan, nakakapit ang kanyang kamay sa mga sapin, umuungol, "Oooh! Oooh!"

¹⁴³ Naisip ko, "Oh, naku." Kinapa ko ang kanyang mga paa; malagkit iyon at malamig. Naroon na ang kamatayan sa batang iyon.

At patuloy niyang sinasabi, "Oh, napakadilim! Napakadilim!" At sabi ko, "Tungkol saan ang sinasabi niya?"

¹⁴⁴ Sabi niya, "Parson," sabi, "iniisip niya ng maraming araw na ngayon, na naroroon siya sa isang malawak na dagat, na naliligaw na." Sabi, "Hindi niya alam kung saan siya pupunta." At sabi, "Iyon ang nagpapabigat sa puso ko." Sabi, "Yayaon siya, at siya'y naliligaw, doon sa dagat, at hindi niya alam kung saan siya pupunta." Sabi, "Parson, nanalangin na ako. Ginawa ko nang lahat. Ginawa ko nang lahat. Ayaw ko siyang mapahamak, parson. At sabi, "Iyan 'yun kapag ako'y nananalangin."

Sabi ko, "Auntie, ano ba ang sakit ng anak mo?"

¹⁴⁵ Sabi niya, "Iyan ay sakit na impeksyong sekswal. Sinabi na ng lalaking doktor na mamamatay na raw siya, na wala nang magagawang anuman." At sabi, "Wala siyang malay. Dalawang araw na siyang naliligaw sa dagat."

Sabi niya, "Maaari mo ba siyang ipanalangin?"

¹⁴⁶ Sabi ko, "Auntie, ang pangalan ko ay Branham. Narinig mo na ba iyon?"

Sabi niya, "Hindi pa, ginoo. Sa palagay ko'y hindi ko pa narinig, parson."

¹⁴⁷ Sabi ko, "Buweno, may ikukuwento ako sa iyo." Sabi ko, "Ang ministryo ko ay pananalangin para sa mga maysakit."

Sabi niya, "Ganoon ba?"

¹⁴⁸ Sabi ko, "Oo." At sabi ko, sinabi ko sa kanya ang tungkol sa pagbaba ng eroplano, at lahat na.

Sabi niya, "Totoo ba iyan, parson?" Sabi ko, "Oo."

Sabi niya, "Buweno, alam kong hindi Niya ako bibiguin." Sabi ko, "Manalangin ka, Auntie."

¹⁴⁹ At lumuhod siya roon, at talaga naman ang isang panalangin! Oh, kapatid, kung paanong makipag-usap ang

matandang banal na iyon sa Diyos. Nanalangin siya roon, hanggang sa tumulo ang mga luha sa kanyang mga mata.

Iniangat ko ang tingin ko. At patuloy siyang umuungol, “Oooh!”

At sabi ko, “Ngayon, auntie, mananalangin naman ako. Samahan mo ako.”

¹⁵⁰ Ipinatong ko ang mga kamay ko sa mga paa ng binata. Sabi ko, “Makalangit na Ama, nakaalis na ang eroplano ko, sa pagkakaalam ko. At narito itong kaawa-awang matandang ina ay umiiyak para sa kanyang anak. At sa nalalaman ko, dito Mo po ako pinangunahan. Dumadalangin po ako na Ikaw ay mahabag sa kanya.”

¹⁵¹ At sa mga oras din na iyon, narinig ko ito na nagsabi, “Nanay, oh, nanay!”

¹⁵² Tumayo siya at pinahid ang mga luha sa kanyang mga mata, sabi niya, “Oo, mahal ko. Maayos na ba ang pakiramdam ng anak ni Nanay?” Sinimulan siyang himasin sa ulo.

¹⁵³ Sabi nito, “Nanay, lumiliwanag na po sa kuwarto. Lumiliwanag na sa kuwarto.”

¹⁵⁴ Ganap na pag-ibig! Kapag naipakita ang Banal na pag-ibig sa puso ng Diyos, kinakailangan na tumugon sa lugar nito ang ganap na biyaya. Kapag iniisip ko, na ang isang abang ina roon, na kumakapit sa kanyang panalangin sa Diyos, at lahat na ng ito! At pagkatapos ano na ang nangyari? Ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya; ang Diyos, sa Kanyang habag, ay dadalhin ang isang eroplano mula sa himpapawid at pananatilihin iyon sa lupa, para lang matugon ang panalangin ng isang hamak, walang nalalaman, na itim na babae, noong maiparating ang Banal na pag-ibig. Kahit gaano pa siya kahirap, gaano siya kaitim, gaano siya kadilaw, kung ano pa man siya; kapag naipadama ang Banal na pag-ibig, kailangan nang umiral ang ganap na biyaya. Ang pag-ibig na iyon ng matandang ina na iyon doon, gaano siyang umiyak!

¹⁵⁵ At 'yung kabataang lalaki, ilang... Mga dalawang taon pagkaraan niyon, bumaba ako, at nakasakay ako noon sa isang tren at papababa na. Bumaba ako, at nagpunta roon para bumili ako ng isang hamburger. Sumisingil sila ng mga pitumpu o walumpung sentimo para doon, sa eroplano, at ako... sa tren. At mabibili ko iyon ng mga dalawampung sentimo sa maliit na tindahan. Bumaba ako ng tren, nagsimula nang lumakad. May isang nakapulang gora, sabi, “Kumusta, Parson Branham!”

Lumington ako. Sabi ko, “Magandang umaga, iho.” “Buweno,” sabi, “hindi n'yo po ba ako nakikilala?” Sabi ko, “Hindi, sa palagay ko'y hindi.”

156 Sabi, “Naaalala n’yo pa ba, mga dalawang taon na ang nakararaan, noong nagpunta kayo at ipinanalangin n’yo ako? At naroon ang aking nanay?”

Sabi ko, “Ikaw na ba ang batang iyon?”

157 Sabi, “Ako nga, po, Parson Branham.” Sabi, “Magaling na magaling na po ako. Ngunit, ligtas na ako ngayon. Isa na po akong Cristiano.”

158 Ganap na biyaya! Siyanga, po, kapatid! Sinasabi ko sa inyo, kapag ang biyaya . . . Kapag nakita ng Diyos na naipadama ang pag-ibig, kinakailangang umiral ang biyaya.

159 Ilang linggo na ang nakalipas, sa bahay ko, naaalala n’yo iyon; marami sa inyo, buweno, noong ’yung matandang opossum ay nakahiga roon. Noong, nilunod nitong kabataang babae rito ang kanyang sanggol. At samantalang binigyan siya ng Diyos ng isang sanggol; at ayaw niyang palakihin iyon, at kaya binalot niya iyon sa isang kumot at itinapon roon at nilunod iyon sa ilog. Sabi ko, “Hindi iyon isang ina. Mas mababa pa iyon kaysa sa isang aso. Hindi gagawin ng hayop ang ganoon.”

160 At kung ang ganap na pag-ibig ng Diyos ay, maipadarama sa isang hayop, gaano pa kayang maiparadama iyon sa isang lalaki o isang babae? Siyanga.

161 At ang matandang opossum na iyon na nagdaan doon sa makitid na daan na iyon, alam n’yo na ’yung kuwento. At kung paano siya pumasok, at nahiga roon sa may hagdanan ko, sa loob ng dalawampu’t apat na oras, ni wala nga akong alam tungkol doon.

162 Si Kapatid na Woods at sila na nakaupo roon, at si Kapatid na Babaeng Woods, na nahabag doon sa hayop, sabi, “Kapatid na Branham, bakit mo hinahayaan iyon na maghirap? At ’yung mga kawawang mumunting anak na opossum ay iniinom pa naman ’yung gatas sa kanya; siya na nakahiga na roon, patay na yata?” Sabi, “Bakit hindi mo na lang sila patayin, Kapatid na Branham, o patayin na ang matandang ina?” Hindi pa naman siya lubusang patay. Siya ay . . . Masusundot mo siya, at siya . . . mapapakilos mo pa nga siya.

At, doon, buong gabi siyang nakahiga roon.

163 At kinabukasan, ang munting si Becky roon, lumabas siya, sabi niya, “Tatay?” Buweno, noong kinaumagahan, mga magbubukang-liwayway, sabi niya, “Ano po ang gagawin n’yo sa opossum na iyan, tatay?” Sabi, “Magdamag na po akong nag-iisip tungkol diyan.”

164 At sabi ko, “Ganoon din ako, Becky.” Bumaba ako sa silid. Sabi ko, “Bumalik ka na at matulog na, mahal ko. Napakaaga pa para bumangon ka.”

165 Naupo ako roon sa pribado kong silid. Naisip ko, “Buweno, . . .? . . .” Naisip ko, “Kinakailangan na may gawin ako sa

matandang opossum na iyon. Hindi ko naman alam ang gagawin.”

¹⁶⁶ Pagkatapos ay nakarinig ako ng isang Tinig, na ano pa't ni hindi ko nga Iyon inaasahan.

¹⁶⁷ Doon mismo, noong may dumating na mga mansanas nang umagang iyon, para kay Kapatid na Hall, noong gumaling siya, sa kanser. Doon kung saan pinagaling ang mga may sakit at mga nagdurusa. Nakaupo ako noon sa maliit na lumang pribadong silid.

¹⁶⁸ Narinig ko ang isang Tinig na nagsabi, “Pinapunta Ko siya sa iyo. Nahiga siya na gaya ng isang binibini, sa loob ng dalawampu't apat na oras, para sa pagkakataon niya na maipanalangin. At wala ka man lang sinabi ni isang salita sa Akin tungkol sa kanya.”

¹⁶⁹ Sabi ko, “Buweno, ni hindi ko iyon alam.” Sabi ko, “Buweno, ibig Mo po bang sabihin pinapunta Mo ang opossum na iyon doon?”

¹⁷⁰ Naisip ko, “Ano ba'ng nangyayari sa akin? Kinakausap ko ba ang sarili ko?” Nahuli ko ang sarili ko na kausap ang sarili.

¹⁷¹ Lumabas ako roon, nakatingin pa rin ang munting si Becky sa pintuan. Lumakad ako patungo roon. Naroroon 'yung matandang opossum; at nahamugan na ang buong katawan niya, at lahat na. Sabi ko, “Amang Makalangit, kung pinapunta Mo po iyang kawawang walang alam na opossum, kung pinapunta Mo po siya rito; na sa kung ano mang paraan, ay inilagay Mo sa puso ko ang isang pag-ibig para sa kanya, dahil isang ina, na hindi ko siya kayang patayin, hindi ko kayang patayin ang kanyang mga anak. At ang ganap na biyaya, upang turuan ang iba pang mga tao, ng dapat nilang malaman, ang nagdala sa kanya rito. At, Diyos, idinadalangin ko sa Pangalan ni Cristo, na pagalingin Mo po siya.”

¹⁷² At ang matandang opossum na iyon, na punung-puno na ng mga uod ang mga paa niya, at kaya kinaladkad niya iyon noon sa hulihan niya, namaga nang doble sa laki nito; ay tumayo sa paang iyon. At kinuha niya ang mga anak na iyon, dinala sa kanyang balsa, lumakad pababa roon nang sadyang kasing normal na gaya ng anumang hayop na nakita ninyong naglalakad. Bumaling, sa akin; na para bang bumaling, na sabi, “Salamat po, mabuting ginoo.” Sa nalalaman ko, talagang masaya sila kasama ang kanyang mga anak ngayong araw na ito.

¹⁷³ Bakit? Kapag naipadama ang Banal na pag-ibig, iiral ang ganap na biyaya. Naku, kapatid na lalaki, kapatid na babae, may iisang bagay lang na dapat gawin sa inyong buhay, 'yun ay, “Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, nang buong kaluluwa mo, nang buong lakas mo, nang buong pag-iisip mo,” at sumampalataya na ang bawat Salita na sinabi Niya ay Katotohanan. At paghantong mo sa dulo ng iyong

landas, kung saan hindi ka na makapagpapatuloy pa, sa oras na iyon ang Makalangit na ganap na biyaya ay ipararating.

¹⁷⁴ Papaano ako makapagsasalita sa kanya, na nakahimlay roon, noong isinuko na ako ng Mayo Brothers, nakaupo sa gilid ng balkon doon, kasama si Kapatid na Cox na nakaupo sa tabi ko, iniisip kung ano na ang nangyayari. Ni hindi ko na iyon matagalan pa. Subalit sabi . . .



BANAL NA PAG-IBIG TAG56-0826
(Divine Love)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Agosto 26, 1956, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org